Edukasyon sa Pagpapahalaga III

Yunit IV
Modyul Blg.16

# Saan Ako Nababagay?

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Bago ka maghanap ng trabaho, kailangang malaman mo muna kung anong hanapbuhay ang nababagay sa iyong kakayahan at interes. Alalahanin mo na sa tunay na buhay, mahalaga na malaman mo at ano ang kaya mong gawin.

Kailangang isaalang-alang mo ang mahahalagang salik sa pagpili ng hanapbuhay na nararapat o nababagay sa iyo. Kung natukoy mo na ang mga ito, kailangang maingat ka sa pagpaplano patungo sa tamang pagpili ng hanapbuhay o kurso sa kolehiyo.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

L.C 4.1Naisasaalang-alang ang mahalagang salik sa pagpili ng kurso sa kolehiyo o hanapbuhay

A. Natutukoy ang mahahalagang salik sa pagpili ng hanapbuhay
B. Napahahalagahan ang maingat na pagpaplano ukol sa hanapbuhay o kurso sa kolehiyo
C. Nakabubuo ng mga hakbangin patungo sa tamang pagpili ng hanapbuhay o kurso sa kolehiyo

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.

4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Isulat sa patlang ang salitang TAMA kung angkop ang ipinahihiwatig ng pangungusap at MALI kung hindi angkop ang ipinapahayag.

1. Malahalagang magsuri ng sarili ang isang mag-aaral bago siya kumuha ng kurso sa kolehiyo.
2. Ang pagpaplano sa kursong nais kuhanin ay hindi na kailangang paghandaan.
3. Ang determinasyon at pagsisikap ay hindi na kailangan sa pagkakamit ng minimithi kung matalino ang isanng tao.
4. Ang isang huwarang empleyado ay mas komportableng nagtatrabaho ng mag-isa sa halip na nakikipagtulungan sa iba.
5. Pinakamahalagang salik sa pagkakamit ng nais na kurso ay ang pag-aaral nang mabuti.
6. Ang pagkakaroon ng direksyon o layunin ay makatutulong ng malaki sa buhay.
7. Hindi na kailangang alamin kung ano ang iyong mga kasanayan kung ikaw ay nagtatrabaho na.
8. Mahalagang malaman ng mga mag-aaral ang kanilang interes at potensyal sa pagpili ng hanapbuhay o kurso
9. Ang napiling kurso o hanapbuhay ay siyang makakasama sa mahabang panahon.
10. Dapat isaalang-alang ang mahalagang salik sa pagpili ng hanapbuhay o kurso sa kolehiyo.

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg.1

Basahin at lagyan ng tsek (/) ang akmang katangian  sa iyo.

1. matiyaga
2. masipag
3. sumpungin
4. matulungin
5. mainipin
6. masayahin
7. mapanagutan
8. matatag ang loon
9. matiisin
10. laging nasa oras
11. mahilig sumubok
12. maagap
13. mahilig sa mga gawaing madetalye
14. malikhain
15. madaling panghinaan ng loob
16. mahilig makihalubilo sa tao
17. madalas huli sa oras ng tipanan
18. maramdamin
19. may positibong pananaw
20. ayaw ng pananagutan

## Sagutin Mo


1. Ilan ang nilagyan mo ng tsek?
2. Madali mo bang nakilala ang iyong mga katangian sa mga nasa talaan?
3. Ano ang mga pinagbatayan mo sa paglalagay ng tsek sa mga katangiang nakalista?
4. Batay sa iyong ginawang tseklist masasabi mo bang alam mo na ang akmang kurso o hanapbuhay para sa iyo?

## Gawain Blg. 2

Maaaring sa naunang gawain ay hindi nabanggit sa listahan ang mga katangian na makatutulong sa iyong pagpapasya kung anong hanapbuhay o kurso ang iyong kukunin.

Sa gawaing ito, sisimulan natin ang malalimang pagsusuri na makatutulong sa pag-alam mo ng akmang kurso o hanapbuhay para sa iyo.

Mahalagang magsuri ng sarili. Sa ganitong paraan lamang natin mapagtutunan ng pansin ang ating pagkatao, ang ating mga kalakasan, ang ating mga kahinaan. Ang gawaing ito lamang ang magbibigay sa atin ng pagkakataong tingnan ang ating sarili nang makatotohanan.




Isulat sa kolum sa kaliwa ang iyong mga kalakasan at sa kanang kolum ang iyong mga kahinaan.

| Kalakasan | Kahinaan |
| --- | --- |
| | |

## Sagutin Mo

1. Nakatutulong ba ang iyong mga natuklasang ito sa pagpili mo kurso o trabaho? Bakit?
2. Bukod sa pag-alam sa mga kalakasan at kahinaan, anu-ano pang mga salik ang nararapat isaalang-alang sa pagpili ng kurso o hanapbuhay? Isulat mo ito sa dayagram sa ibaba




## Sagutin Mo

1. Bakit mahalagang isaalang-alang ang mga salik na ito sa iyong pagpili ng kurso o hanapbuhay?

Gawain Blg. 3

Buuin ang mga sumusunod na pangungusap.

Gusto kong magtrabaho bilang ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

Alalahanin mo kung ano ang iyong mga isinulat sa mga natapos na gawain. Maaari Itong magiging batayan sa iyong paghahanap ng trabaho o pipiliing kurso.

Ngayon ay may sapat ka ng batayan kung ano ang gusto mong gawin at kung ano ang uri ng hanapbuhay o kursong iyong pipiliin. Alalahanin mo na anumang uri ng hanapbuhay ang mapasukan mo, kailangang alam mo ang tamang pag-uugali ng isang huwarang manggagawa.

## IV. Ano ang Iyong Natutuhan?

Ano ang mahalagang kaisipang natutuhan mo sa mga gawain sa modyul na ito. Isulat ang iyong sagot sa espasyong nakalaan dito.

Konsepto

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________


______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________



## V. Pagpapatibay

Maraming kabataan sa kasalukuyan ang nag-aaksaya ng oras, lakas at pera dahil sa kawalan ng tiyak na direksyon sa kursong kukunin. Ano ang mga kadahilanan dito? Kawalan ng pagsasaalang-alang sa mga salik na nakaaapekto sa pagpili ng kurso o trabaho…iyan ang dahilan.

Nakakalungkot na may mga mag-aaral sa ikaapat na taon sa high school na malapit na ang graduation ay hindi pa alam kung ano ang kursong kukunin. Kaya ang nangyayari, upang huwag lamang maiwan ng iba pang mga kamag-aral ay kukuha na lamang ng kurso udyok ng kabarkada, o kurso na uso o *in.*

Hindi nila isinasaalang-alang ang mga sariling kakayahan, interes o hilig at iba pang salik. Ano ang resulta?
Sa kalahatian ng taon ay magsi-*shift* ng kurso dahil hindi pala iyon ang akma sa kanyang hilig at mga kakayahan.

Mahalagang pag-isipan at isaalang-alang ang mga salik tulad tulad ng sariling kakayahan, hilig, at iba pa upang makapagpasya ng wasto sa nais tunguhin sa hinaharap, kurso man ito sa kolehiyo o pagtatrabaho.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

May isang bata na madalas pumunta sa baybayin malapit sa isang lawa upang mamingwit ng isda.

Mayroong isang *landingstrip* malapit sa baybaying ito Madalas na nakatingin ang batang ito sa mga dumaraang eroplano. Namamangha siya sa kakayahan ng piloto na makapagpalipad ng ganoong kalaking sasakyan.

Nabuo sa loob niya na darating ang araw at magiging piloto rin siya.

Madalas na nakalilimutan niya ang kanyang pamingwit kaya wala siyang nahuhuling isda.

Lingid sa kanyang kaalaman, napapansin pala siya ng piloto na madalas ding mamasyal sa baybayin kung wala itong iskedyul ng paglipad.

Minsan, nilapitan nito ang bata at inanyayahang sumama sa kanya sa loob ng eroplano at makita ang hitsura nito.

Lalo pang sumidhi ang interes ng bata. Mula noon higit pang pinagbuti ng bata ang kanyang pag-aaral upang maging piloto sa hinaharap/

## VII. Gaano Ka Natuto?

Punan ng mga salita ang patlang.

1. Kinakailangang ___________________ng mag-aaral ang kanilang sarili bago kumuha ng kurso.
2. Dapat isaalang-alang ang mahahalagang _____________ sa pagpili ng kurso o hanapbuhay.
3. ANg napiling kurso ay siyang____________________ at nakapagpapasaya sa mahabang panahon.
4. Mahalagang malaman ng mag-aaral ang kanilang __________at _______ sa pagpili ng hanapbuhay o kurso.
5. Kailangang_________kung ano ang iyong kasanayan kung maghahanap ng trabaho
6. Ang pagkakaroon ng _____________ o layunin ay makatutulong nang malaki sa buhay.
7. Pinakamahalagang salik sa pagkakamit ng nais na kurso ang____________ mabuti.
8. Ang _____________at pagsisikap ay kailangan sa pagkakamit ng minimithing hanapbuhay o kurso sa kolehiyo
9. Ang ________________ sa kursong kukunin ay kailangang paghandaan.
10. Kailangang maingat sa pagplano patungo sa tamang________ ng hanapbuhay o kurso sa kolehiyo.

## VIII. Mga Sanggunian

De Torre, Joseph M. *Roots of Society.* Manila: Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

De Torre, Joseph M. *Christian Philosophy*. Manila: Vera-Reyes Publishers. 1980

Moga, Michael D. *What makes man truly human.* Makati: St. Pauls. 1995

RHGP Module

## Susi  sa Pagwawasto

Handa ka na ba?

1. tama
2. mali
3. mali
4. mali
5. tama
6. tama
7. mali
8. tama
9. tama
10. tama

Gaano ka natuto?

1. suriin
2. salik
3. makakasama
4. interest at potensyal
5. alamin
6. direksyon
7. pag-aaral
8. determinasyon
9. pagpaplano
10. pagpili